

HUMAN  
RIGHTS  
WATCH

# **“Hayaan Niyo Na Lang Kami”**

**Diskriminasyon sa Mga Estudyanteng LGBT sa Pilipinas**



# Buod

Sabi ni [Senador at alamat sa boksing] Manny Pacquiao na hindi raw kami tao. Dapat hayaan na lang nila kami.

–Edgar T., 18-anyos na baklang estudyante sa hay-iskul sa Maynila, Pebrero 2017

Dapat na ligtas na lugar para sa lahat ang mga eskuwelahan. Pero sa Pilipinas, madalas na dumadanas sa eskuwelahan ang mga estudyanteng lesbian, gay, bisexual, at transgender (LGBT) ng bullying, diskriminasyon, kawalan ng akses sa impormasyon tungkol sa LGBT, at sa ibang kaso, may pisikal at sexual na pananakit. Humahantong ang ganitong abuso sa malalim at matagalang pinsala at nagkakait ng karapatan sa edukasyon ng mga estudyante, na protektado sa ilalim ng batas ng Pilipinas at batas internasyonal.

Nitong mga nakaraang taon, kinilala ng mga mambabatas at administrador ng eskuwelahan sa Pilipinas na seryosong problema ang bullying ng kabataang LGBT, at gumawa ng mga interbensiyon upang tugunan ito. Noong 2012, ang Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education o DepEd), na namamahala sa elementarya at high school, ay nagsabatas ng Child Protection Policy na layuning tumugon sa bullying at diskriminasyon sa eskuwelahan, kasama na ang ayon sa oryentasyong sexual at identidad sa kasarian ng mga bata. Nang sumunod na taon, ipinasa ng Kongreso ang Anti-Bullying Law of 2013, na may patakaran at regulasyon sa pagsasatupad na nagbabawal sa oryentasyongsexual at identidad sa kasarian bilang mga dahilan ng bullying at harassment. Ang pagpapatupad ng ganitong mga patakaran ay nagbababala na hindi katanggap-tanggap at hindi dapat pahintulutan ng mga institusyon ng edukasyon ang bullying at diskriminasyon.

Ngunit itong mga patakaran, maganda man sa papel, ay hindi naipapatupad nang husto. Sa kawalan ng epektibong implementasyon at pagsubaybay, maraming kabataang LGBT ang patuloy na nakakaranas ng bullying at harassment sa eskuwelahan. Ang masamang trato sa kanila ng mga kaedad at guro ay pinapalubha pa ng patakarang mapagbukod na nagpapababa at dumedehado sa mga estudyanteng LGBT, pati na rin ang kakulangan ng impormasyon at resources tungkol sa isyung LGBT sa mga eskuwelahan.

Batay ang ulat na ito sa mga panayam at diskusyong panggrupo sa 10 siyudad ng mga pangunahing isla sa Pilipinas tulad ng Luzon at Visayas, sa 76 estudyante ng sekundaryang

eskuwelahan o mga kaka-gradweyt lang na kinikilala ang sarili bilang LGBT o kaya inaalang pa ito, at 46 magulang, guro, tagapayo, administrador, service providers, at eksperto sa edukasyon. Sinusuri nito ang tatlong malawak na larangan kung saan nagkakaproblema ang mga estudyanteng LGBT—ng bullying o harassment, diskriminasyon ayon sa kanilang oryentasyong sexual at identidad sa kasarian, at ang kawalan ng impormasyon at resources—at nagrerekomenda ng mga hakbang na dapat gawin ng mga mambabatas, ng DepEd at mga administrador ng eskuwelahan upang maisulong ang karapatan ng mga estudyanteng LGBT sa isang ligtas at mapagkalingang kapaligiran sa edukasyon.

Nagpapakita ang mga insidenteng inilarawan dito sa report ng halaga ng pagpapalawak at pagpapatupad ng proteksiyon para sa kabataang LGBT sa mga eskuwelahan. Sa kabila ng pagbabawal sa bullying, halimbawa, may mga estudyante sa Pilipinas na nagkuwento ng magkakatulad na bullying at pagmamaltrato na hindi napigilan ng mga kawani ng eskuwelahan. Sabi ni Carlos M., 19-taong bakla ng Olongapo City, “Nung nasa hay-iskul ako, itinutulak, sinusuntok nila ako. Kapag lalabas ako sa iskul, susundan nila ako, itutulak, tatawaging ‘bakla,’ ‘bading,’ mga gano’n.” Habang ang pasalitang pag-bully ang isa sa pinakalaganap na problema ng mga estudyanteng LGBT, may pisikal na bullying at sexual harassment ring nakababahala sa pagiging karaniwan—at habang ang mga estudyante rin ang madalas na may pakana nito, binabalewala ito ng mga guro o nakikisama pa sa pambu-bully. Mapanira ang mga epekto ng ganitong bullying sa kabataang biktima. Sabi ni Benjie A., 20-anyos na baklang taga-Maynila na na-bully sa buong panahon ng pag-aaral niya, “Depressed ako, na-bully ako, hindi ko alam ang kasarian ko, ang pakiramdam ko walang nagmamahal sa akin, na nag-iisa lang ako palagi. May mga kaibigan naman ako pero malungkot pa rin. Naglista na ako ng mga paraan kung paano mamatay.”

Ang pagmamaltratong kinakaharap ng mga estudyante sa paaralan ay napapalubha ng patakaran at gawaing mapanghusgang nagpupuwera sa kanilang lumahok sa buhay sa eskuwelahan. Nagdidikta ang mga paaralan ng mahigpit na pamantayang pangkasarian sa mga estudyante sa maraming paraan—tulad ng makakasariang uniporme o pananamit, pagbabawal sa haba ng buhok, makakasariang C.R., klase at aktibidad na magkaiba ang para sa babae at lalaki, at pagmanman sa pagkakaibigan at pakikipagrelasyon ng parehong kasarian. Halimbawa, sabi ni Marisol D., 21-anyos na transgender na babae:

Nung nasa hay-iskul ako, may titser na laging umiikot tapos kapag mahaba buhok mo, papupuntahin ka sa harap ng klase at gugupitan ka niya sa harap ng kaklase mo. Ilang beses na nangyari ito sa akin. Ang sama ng loob ko: umiyak ako kasi nakita ng mga kaklase ko na ginugupitan ako.

Mas mahirap ang ganitong patakaran para sa mga estudyanteng transgender na madalas tratuhin ayon sa kasarian nang pagkapanganak, imbes na kung ano ang kanilang identidad sa kasarian. Malaking hamon din ito sa mga estudyanteng hindi kumporme sa kasarian nila, at mas komportable na lumahok sa aktibidad na tinitingnan ng paaralang hindi dapat sa kasarian nila.

Tinutulan ang mga pagsisikap na matugunan ang diskriminasyon sa LGBT, tulad ng ginawa ng mga relihiyosong lider. Kinondena ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) ang karahasan at diskriminasyon sa mga LGBT, pero sa totoo, tutol ang Simbahang Katolika sa mga batas at patakarang pumoprotekta sana sa karapatan ng LGBT. Naghangad ang CBCP na pahinain ang lehislasyon laban sa diskriminasyon na nakahanay pa sa Kongreso, halimbawa, at kinontra rin nila ang implementasyon ng komprehensibong edukasyong pang-seksuwalidad sa mga paaralan. Nagbanta ang mga kinatawan ng Simbahan na magbubukas ng pintuan ang pagkilala sa karapatan ng LGBT sa kasalan ng dalawang tao na pareho ng kasarian, at salungat din sila sa lehislasyong magsusulong ng diborsiyo, euthanasia, aborsiyon, ganap na pagkontrol ng populasyon, at homosexual na kasal, na ikinategoryanila sa akronim na "DEATH." Sa isang bansa na 80% ay Katoliko, ang pagkontra ng Simbahan ay nakakaimpluwensiya sa pagtugon ng pamilya at paaralan sa mga isyung LGBT, na may mga magulang at guro na sinasabihan ang mga estudyante na imoral o mali ang pagiging LGBT.

Isang solusyong magagawa ng mga eskuwelahan sa bullying at diskriminasyon at mapabuti ang epekto nito ang pagbibigay ng mga edukasyunal na resources sa mga estudyante, guro, at kawani para maging pamilyar sila sa mga taong LGBT at sa mga isyung kaugnay nila. Sa kasamaang palad, ang positibong impormasyon at mga resources tungkol sa oryentasyong sexual at identidad sa kasarian ay napakadalang sa mga sekundaryang paaralan sa Pilipinas. Kapag natuto naman ang mga estudyante tungkol sa LGBT at ang mga isyung kinahaharap nila sa loob ng paaralan, kadalasang negatibo ang mensahe, di-katanggap-tanggap ang mga relasyon ng may-parehong kasarian at imoral o di-natural ang transgender na identidad. Sabi ni Juan N., 22-anyos na transgender na

lalaking nag-aral sa isang high school sa Maynila, “Magkakaroon ng lecture kung saan kahit papano ay papaspasan nila ang tungkol sa homoseksuwalidad at ipapakita, ilalarawan nila na sa Bibliya, sa teolohiyang Kristiyano hindi ka dapat gumagawa ng mga ganoong gawain.” Halos lahat ng estudyanteng nakapanayam ng Human Rights Watch ay nagsabi na ang limitadong edukasyon sa seksuwalidad na nakuha nila ay walang impormasyong makatutulong sa kanila bilang kabataang LGBT, at kaunti lang ang nagsabing may akses sila sa mga masuportang tagapayo o kawani sa paaralan.

Kapag kinaharap ng mga estudyante itong mga isyu—mag-isa o magkakasama—puwedeng maging mahirap o mapagbantang lugar ang eskuwelahan. Bukod sa pisikal at sikolohikal na sugat, inilarawan din ng mga estudyante kung paanong ang bullying, diskriminasyon at pagpupuwera ay nagdudulot ng kawalan ng konsentrasyon, pagliban sa klase, o gustuhing lumipat ng ibang eskuwelahan—nakapipinsala ang lahat sa kanilang karapatan sa edukasyon. Para maging makabuluhan sa lahat ng estudyante ang karapatan sa edukasyon—pati sa mga estudyanteng LGBT— ay kailangang makipagtulungan ang mga guro, administrador, at mambabatas sa mga tagapagtaguyod na LGBT para masiguradong ligtas at mapagkalingang lugar ang mga paaralan sa pagkatuto ng mga kabataang LGBT.

## **Mga Rekomendasyon**

### **Sa Presidente ng Pilipinas:**

- Magpahayag, tulad ng ginawa niya dati, laban sa bullying sa paaralan, ulitin ang sinabi niyang ang bullying ng kabataang LGBT ay nakakasakit at di-katanggap-tanggap.
- Magpahayag ng suporta sa batas kontra-diskriminasyon na magbabawal ng diskriminasyon ayon sa oryentasyong sexual at identidad sa kasarian, pati sa edukasyon, trabaho, pangangalagang pangkalusugan, at mga akomodasyong pampubliko.

### **Sa Kongreso ng Pilipinas**

- Gumawa ng batas kontra-diskriminasyong magbabawal ng diskriminasyon ayon sa oryentasyong sexual oryentasyon at identidad sa kasarian, pati sa edukasyon, trabaho, pangangalagang pangkalusugan, at mga akomodasyong pampubliko
- Pahintulutan ang pagpopondo sa implementasyon ng Reproductive Health Law at iba pang kakailanganing suporta para sa komprehensibong edukasyong pangseksuwalidad sa mga paaralan.

### **Para sa Kagawaran ng Edukasyon**

- Magsagawa ng isang komprehensibong rebyu sa pagpapatupad ng mga paaralan sa probisyon ng Child Protection Policy at Anti-Bullying Law.
- Mangolekta at maglathala ng datos sa bilang ng paaralan sa buong bansa na tumutugon sa oryentasyong sexual at identidad sa kasarian sa kanilang Child Protection Policy at Anti-Bullying Law. Payuhan ang mga paaralang hindi tumutugon sa oryentasyong sexual at identidad sa kasarian na baguhin ang kanilang mga patakaran para makasunod dito.
- Gumawa ng sistema para matipon at mailathala ang datos tungkol sa bullying ayon sa oryentasyong sexual at identidad sa kasarian sa mga paaralan. Iwasto ang mga forms para mas malinaw ang kaibahan at mairekord ang mga insidente ng bullying

na ayon sa kasarian, at isama ang ganitong kategorya sa lahat ng forms na konektado sa bullying, pang-aabuso, o karahasan laban sa mga bata.

- Agad na rebyuhin ang kurikulum, pati mga teksbuk at materyal panturo, upang masigurong kasama ang mga isyung LGBT. Alisin ang nilalamang mapanlait sa mga LGBT at isama ang nilalaman na angkop para sa kabataang LGBT at nagsusulong ng respeto para sa iba't ibang kasarian.
- Rebyuhin ang pamantayan ng kurikulum sa edukasyong sexual upang masigurong angkop ito sa mga alituntunin ng UNESCO para sa malawak na edukasyon sa seksuwalidad, tumpak sa medikal at siyentipikong batayan, bukas sa kabataang LGBT, at pinag-uusapan nito ang parehong-sex na aktibidad bilang kapantay ng iba pang seksuwal na aktibidad.
- Mag-isyu ng order sa mga eskuwelahan na irespeto ang identidad sa kasarian ng mga estudyante kaugnay ng kanilang dress code, akses sa pasilidad, at partisipasyon sa kurikular at ekstrakurikular na aktibidad.
- Magsagawa ng pagsasanay kasama ang LGBT rights groups kung magagawa, para maging pamilyar ang mga kawani ng DepEd na nasa sa dibisyon at distrito na lebel sa terminilohiya at mga isyung LGBT.

## Sa Mga Lokal na Opisyal

- Magsabatas ng lokal na mga ordinansa na magbabawal ng diskriminasyon ayon sa oryentasyong sexual at identidad sa kasarian, pati sa edukasyon, trabaho, pangangalagang pangkalusugan, at akomodasyong pampubliko.
- Ipalaganap ang mga patakaran at regulasyon sa implemtasyon upang masigurong nagagamit at naipapatupad ang umiiral na ordinansa kontra-diskriminasyon.

## Sa mga Administrador ng Eskuwelahan

- Pagtibayin ang mga patakaran kontra-bullying at kontra-diskriminasyong magsasama sa oryentasyong sexual at identidad sa kasarian, na magpapaliwanag sa mga estudyante kung paano magsusumbong ng mga insidente ng bullying, at tukuyin talaga kung ano ang pananagutan kapag nang-bully.
- Magsagawa ng training, kasama ang sibiko at panlipunang grupong LGBT kung puwede, para sa mga komiteng pumoprotekta sa mga bata at sa mga kawani ng

eskuwelahan para masigurong sensitibo sila sa mga pangangailangan at kahinaan ng kabataang LGBT. Ang mga training ay dapat magpaalam sa kawani ng eskuwelahan tungkol sa tamang mga terminolohiya, mga uri ng pambu-bully at discriminsyong kinahaharap ng kabataang LGBT, mga karapatang tinatamasa ng kabataang LGBT sa ilalim ng lokal at internasyonal na batas, at ang resources at mga serbisyong makukuha ng kabataang LGBT.

- Magsagawa ng training, kasama ng mga grupong pangkarapatan ng kabataan kung posible, para masigurong ang mga komiteng pumoprotekta sa kabataan at ang kawani ng paaralan ay makikilala at makakaawat sa bullying at harassment kapag nasasaksihan ito o kapag ipinaabot ito sa kanilang pansin.
- Magpalaganap ng mga alituntuning nagtuturo sa kawani ng paaralan na irespeto ang identidad sa kasarian ng mga estudyante patungkol sa dress code, akses sa pasilidad, at partisipasyon sa mga kurikular at ekstrakurikular na aktibidad.
- Ipagunita ang mga okasyon tulad ng Human Rights Day at National Women's Month na may pagpoprograma na magtataguyod ng karapatang pantao at pagrespeto para sa mga kaibahan sa kasarian sa mga eskuwelahan.
- Siguraduhing ang mga eskuwelahan ay may resources na madaling makukuha ng kabataang LGBT, tulad na lang ng mga libro at printed na materyal, akses sa mga tagapayo o iba pang kawaning makakatulong, at resources sa kurikulumang bukas at tumatanggap sa kabataang LGBT.